# Madalas na mga Tanong Para sa Balik-Negosyo Illinois Programang Kaloob sa Pagkabawi ng Malikhaing Sining (B2B Sining)

## Mga Nilalaman


Pagkuha ng mga Pondo sa B2B Sining 5

Paano kinalkula ang halaga na iginawad sa akin? 5

Nakatanggap ako ng panggawad na sulat. Paano ko makukuha ang aking mga pondo? 5

Kailan ko matatanggap ang aking iginawad na mga pondo? 6

Aling account sa bangko ang dapat kong ibigay sa pagpunan ng pormas? 6

Ang pormas ay humihiling ng "Pangalan ng May-ari ng Account" para sa aking account sa bangko na may mga patlang na dapat punan para sa "Pangalan" at "Apelyido", ngunit ang may-ari ang account ay isang organisasyon, hindi isang indibidwal. Paano ko ito dapat punan? 6

Ano ang mangyayari kung ang aking organisasyon ay hindi sumang-ayon sa mga tuntunin ng kasunduan sa sertipikasyon? 6

Pangkalahatang mga Tanong 6

Ano ang IL Programang Pagkabawi ng Malikhaing Sining? 6

Sino ang karapat-dapat para sa kaloob na oportunidad? 7

Kailan ang takdang-panahon para sa mga nais sumali? 7

Sa anong mga wika mayroon ang aplikasyon? 7

Sino ang NCRC CDF? 7

Ito ba ay isang first-come-first-served na programang kaloob? 7

Pagiging Karapat-dapat sa Programa: 8

Anong mga negosyo ang karapat-dapat? 8

Mayroon bang mga hangganan o parametro para sa sukat ng negosyo? 8

Nagsimula ang aking negosyo noong taong 2021. Kwalipikado ba ang negosyo ko para sa kaloob na ito? 8

Pansamantalang nagsara ang negosyo ko noong mga taong 2020 at 2021, ngunit bukas na ngayon at una nang nagbukas bago pa ang Marso taong 2020. Karapat-dapat pa rin ba ako sa kaloob na ito? 8

Marami akong pag-aaring negosyo; Maaari ko bang isali ang bawat isa sa mga ito? 8

Kuwalipikado ba ang mga samahang panrelihiyon? 8

Kuwalipikado ba ang mga negosyong pinapatakbo ng Numero ng Indibidwal na Pagkakakilanlan ng Tagapagbayad ng Buwis? 8

Kuwalipikado pa rin ba ako sa kaloob na ito kung nakatanggap ako ng PPP at/o pautang sa EIDL, o tulong mula sa estadong Balik-Negosyo o Naantalang Negosyong Kaloob? 9

Ang aking negosyo ay karapat-dapat sa higit pa sa isa sa mga sumusunod na programa: B2B Sining, B2B Bahay-Tuluyan, at B2B Restawran. Maaari ko bang salihan ang bawat isa? 9

Ang aking samahan ay hindi kumikita at nagsusumite ng 990-N e-Postcard sa halip na 990-balik-buwis, maaari pa rin ba akong sumali? 9

Ako ay nagbebenta ng mga tanging bagay na kaugnay sa isang tukoy na kultura ng tingi. Karapat-dapat ba ako sa kaloob na ito kung ako ay isang kulturang pamanang organisasyon? 9

Ako ay nagmamay-ari ng isang tattoo istudyo. Ako ba ay karapat-dapat na mag-aplay? 9

Ako ay nagdidisenyo at/ o gumagawa ng mga damit. Ako ba ay karapat-dapat na mag-aplay? 9

Ako ay tagatuos/ abogado/ kasangguni kung saan ang aking kliyente ay ekslusibo o pangunahing binubuo ng mga lagad ng sining o ibang karapat-dapat na mga Negosyo. Ako ba ay karapat-dapat na mag-aplay? 10

Ang aking negosyo ay bilang isang taga-ayos ng meykap/ taga-ayos ng buhok/ taga-disenyo ng kasuutan na pangunahing ginagawa ito sa mga gawain para sa mga pagtatanghal o pagpapalabas ng mga sining s apubliko, halimbawa na ng para sa produksyong pang-teatro. Ako ba ay karapat-dapat na mag-aplay? 10

Ako ay isang walang-kitang organisasyon na ang misyon ay para suportahan ang pagtatanghal o pagpapalabas ng mga sining. Ako ba ay karapat-dapat na mag-aplay? 10

Ako ay isang walang-kita na nakabase sa labas ng estado. Ako ay hindi-rehistrado bilang walang-kita sa Illinois, ngunit ako nagbibigay ng ilang edukasyong pangsining o ibang karapat-dapat na pagproprograma sa estado. Ako ba ay karapat-dapat na mag-aplay? 10

Kaalaman sa Paggawad ng Kaloob: 10

Paano mapagpapasiyahan ang halaga ng kaloob na paggawad? 10

Saan maaaring gamitin ang pera? 10

Kailangan bang pagbayaran ang paggawad? 10

**Paano susuriin ang mga aplikasyon at lahat ba ng karapat-dapat na aplikasyon ay makatatanggap ng pondo? 11**
**Ang kaloob ba na ito ay nabubuwisang kita? 11**
**Anong uri ng pag-ulat ang kinakailangan bilang isa sa mga tatanggap ng pondo na ito? 11**
**Kinakailangang Kasulatan para sa Aplikasyon: 11**
**Anong kaalaman/kasulatan ang kailangan sa pagsali? 11**
**Maaari bang gumamit ng paso na ID mula sa gobyerno? 12**
**Ang aking negosyo ay pansamantalang nagsara sa halos kabuuan ng taong 2020 at/o 2021, kaya walang paggalaw ang aking balik-buwis. Kailangan ko pa rin bang magbigay ng balik-buwis para sa tatlong taon na na iyon? 12**
**Mga Katanungan sa Lohistika at Lagusan: 12**
**Kanino makikipag-unayan para sa tulong? 12**
**Anong mga oras bukas ang (mga) teknikal na suporta? 12**
**Maaari ko bang makita ang aplikasyon sa ibang wika bukod sa Ingles? 13**
**Maaari bang ipasa ang aplikasyon sa kahit anong wika? 13**
**Sino ang Submittable? 13**
**Bakit kinakailangan ang pinansyal na kasulatan para sa programang B2B Sining? 13**
**Tanggap ba ang mga elektronikong lagda sa mga pinansyal na kasulatan? 13**
**Maaari ba akong mag-upload ng maraming files para sa bawat isang kasulatang pag-upload? 13**
**Maaari ko bang kuhanan ng litrato ang mga kinakailangang kasulatan gamit ang aking telepono at ipasa ang mga larawan? 13**
**Bakit ko kailangan patunayan ang aking pagkakakilanlan? 13**
**Kailangan ba na ang may-ari ng negosyo ang magpatotoo ng mga kasulatan ng katunayan at lumagda sa aplikasyon o maaari bang gamitin ng tagapangasiwa/tagapagtuos ang kanilang pangalan? 14**
**Maaari ba akong mag-anyaya ng ibang tao para makipagtulungan sa akin para sa aplikasyon? 14**
**Maaari ba akong sumali gamit ang aking telepono o tableta? 14**
**Maaari ko bang iwan nang sandali ang aplikasyon at balikan sa ibang oras para tapusin at isumite? 14**
**Nawawala ba ang aplikasayon kapag walang paggalaw? 14**

**Paano kung mayroon akong teknikal na mga katanungan tungkol sa lagusan ng aplikasyon? 14**

**Maaari ba akong humiling ng pagwawasto sa aking aplikasyon? 15**

**Paano ako maaabisuhan sa estado ng aking paggawad? 15**

**Paano ipapamahagi ang pondo? 15**

**Mga Tanong sa Aplikasyon: 15**

**Ano ang taunang kabuuang resibo? 15**

**Ang kumpanya ko ay hindi kumikita. Anong klase ng kita ang kailangan kong ibigay? 16**

**Ako ay nag-iisang may-ari ng negosyo at wala akong EIN, ako ba ay karapat-dapat pa rin sa kaloob na ito? 16**

**Ang aking negosyo ay itinataguyod ng piskal sa pamamagitan ng hindi kumikitang 501c3. Karapat-dapat pa rin ba akong mag-aplay? 16**

**Ang aking 501c3 ay piskal na nagtataguyod ng ibang programa. Maaari ba akong maging piskal na tagapagtaguyod sa kanilang ngalan? 16**

**Kailangan ko bang magbigay ng kodigo ng NAICS sa pagpili ng bahagi/industriya na kung saan nabibilang ang aking negosyo? 16**

**Kung hinihiling sumali ng mga organisasyong binubuo ng mga boluntaryo, sino ang may kapangyarihang lumagda para sa aplikasyon (Pangulo ng samahan, Taga-ingat yaman, atbp.)? 17**

**Ang pangunahing layon o silbi ng aking organisasyon o negosyo ay hindi sining at kultura, ngunit gumagawa kami ng ilang programa para sa sining at kultura. Kami ba ay karapat-dapat? 17**

**Bakit ko kailangan magpasa ng kasulatan sa pagbubuwis? 17**

**Paano kung hindi ko pa natatapos ang aking pederal na balik-buwis para sa taong 2021? 17**

**Ang taon ng pagbubuwis ng aking organisasyon ay hindi tumutugma sa taon ng kalendaryo. Anong mga halaga ang maaari kong ilagay para sa mga kabuuang resibo/ kita, at kung aling balik-buwis ang dapat kong i-upload? 17**

**Kailangan ko bang magbigay ng numero ng panlipunang seguridad para makasali? 17**

**Apendise 18**

**Apendise A: Hindi karapat-dapat na Mga Negosyo 18**

**Apendise B: Detalyadong Kahulugan ng Karapat-dapat na Industriya 18**

# Pagkuha ng mga Kaloob sa Malikhaing Sining (B2B)

TANDAAN: Ang seksyong ito ay idinagdag sa mga Kadalasang mga Tanong (FAQ) kasunod ng pagpapalabas ng mga abiso ng paggawad noong Oktubre 2, 2023.

**Paano kinalkula ang halaga na iginawad sa akin?**
Ang mga aplikante ay karapat-dapat na makatanggap sa pagitan ng $5,000 at $250,000. Ang halaga ng pagpopondo ay ibinatay sa mga pagbabay ng kita na naranasan sa pagitan ng 2019 at 2020 o s apagitan ng 2019 at 2021, kung alinman ang nakakahigit.

- Para sa Kita: Pagbaba sa kabuuang mga resibo
- Walang-Kita: Pagbaba sa kinitang kita (kita sa serbisyo ng programa), inambag na kita (mga kontribusyon at kaloob), o kabuuang kita, alinman sa tatlong mga uri na may malaking pagbaba
- Ang mga halaga sa pagpopondo para samga Negosyo o mga organisasyon na tumanggap na ng BIG o B2B na kaloob ay ibabatay sa mga pagbaba ng kita o kabuuang mga resibo mula 2019 hanggang 2021 (sa halip na sa taon na may malaking pagbaba).

Ang mga pagbabang ito ay hinati sa pamamagitan ng isang kadahilanan at binuo sa pinakamalapit na $5,000 para makarating sa iginawad na halaga. Ang kadahilanan – inilarawan sa ibaba – ay tinukoy batay sa karapat-dapat na grupo ng mga aplikante at ang kanilang kaugnay na mga lugi, para masiguro na may sapat na mga pagpopondo ang magagamit upang ang lahat ng karapat-dapat na mga aplikante ay makatanggap ng paggawad.

- Ang unang $200,000 na pagbaba sa mga kita ay hinati sa 7.
- Ang susunod na $800,000 (mga pagbaba sa pagitan ng $200,000 at $1,000,000) ay hinati sa 14.
- Ang mga pagbaba s akita na labis sa $1 milyon ay hinati sa 21.
- Ang tatlong mga halaga sa itaas, kung saan naaangkop, ay sama-samang idinagdag at binuo sa pinakamalapit na $5,000, ngunit hindi hihigit sa $250,000.

Ang mga aplikante na naglunsad ng mga negosyo sa unang bahagi ng 2020 at walang maikukumpara sa 2019 ay karapat-dapat na makatanggap ng $5,000.

**Nakatanggap ako ng panggawad na sulat. Paano ko makukuha ang aking mga pondo?**

Para makuha ang inyong mga pondo, maglog-in pabalik sa portal ng aplikasyon gamit ang kaparehong username na inyong ginamit sa pagsumite sa inyong aplikasyon, at kumpletuhin ang sumusunod na mga hakbang:

- Magbigay ng impormasyon ng account sa bangko para sa account sa bangko na ginamit para sa mga operasyon ng negosyo.
- Suriin ang kasunduan sa sertipikasyon na angkop para sa kaloob na ito at, kung kayo ay sang-ayon sa mga tuntunin, ilagay ang elektronikong lagda sa kasunduan ng sertipikasyon.

Ang mga tagubilin sa kung paano gawin ang mga hakbang na ito, pati na ang hyperlink na dadalhin kayo sa angkop na lugar sa portal, ay kasama sa notipikasyon na ibinigay sa inyo sa pamamagitan ng e-mail na naglalaman ng inyong iginawad na halaga. Mangyaring huwag isumiteang impormasyon ukol sa inyong account sa bangko o alinamn sa ibang personal o

impormasyon ng pagmamay-ari sa pamamagitan ng e-mail.Ang mga hakbang s aitaas ay maaring gawin ng ligtas sa loob ng portal ng aplikasyon.

**Kailan ko matatanggap ang aking iginawad na mga pondo?**
Ang mga pondo ay elektronikong ililipat sa inyong account sa bangko sa loob ng 15 araw ng pagnenegosyo matapos Ninyo maibigay ang impormasyon ng account sa bangko at paglagda sa kasunduan ng sertipikasyon.

**Aling account sa bangko ang dapat kong ibigay sa pagpunan ng pormas?**
Kailangan ninyong magbigay ng account sa bangko na ginamit sa negosyo o operasyon ng organisasyon para sa Negosyo o organisasyon na tatanggap ng paggawad.

**Ang pormas ay humihiling ng "Pangalan ng May-ari ng Account" para sa aking account sa bangko na may mga patlang na dapat punan para sa "Pangalan" at "Apelyido", ngunit ang may-ari ang account ay isang organisasyon, hindi isang indibidwal. Paano ko ito dapat punan?**

- Pangalan: Submittable
- Apelyido: Holdings Inc.

**Ano ang mangyayari kung ang aking organisasyon ay hindi sumang-ayon sa mga tuntunin ng kasunduan sa sertipikasyon?**
Para maging karapat-dapat na makatanggap ng mga pondo mula sa Illinois Programang Kaloob sa Pagkabawi ng Malikhaing Sining (B2B Sining), lahat ng mga ginawarang tagapagtanggap ay dapat na sumang-ayon sa mga tuntunin na binalangkas sa kasunduan ng sertipikasyon. Ang paglabag sa mga tuntuning ito ay maaaring magresulta sa pagbalik ng mga pondo at/ o ibang mga multa.

## Pangkalahatang mga Tanong

**Ano ang IL Programang Pagkabawi ng Malikhaing Sining?**
Ang Balik-Negosyo Programang Kaloob sa Pagkabawi ng Malikhaing Sining ay naglalaan ng $50 milyon sa pagpondo ng kaloob para sa pagbawi ng mga negosyo sa sining at paglikhang bahagi na nakaranas ng pinansyal na paghihirap dulot ng pandemyang COVID-19. Ang programa ay magbibigay ng mga kaloob na naghahalaga mula $5,000 hanggang $250,000 sa mga lugar para sa konsiyerto at teatro, pagganap at pagtatanghal-sining na samahan, samahan ng pagtuturo ng sining, museo, at kalinangang pamanang samahan sa Illinois.

**Sino ang karapat-dapat para sa kaloob na oportunidad?**

Ang kaloob na ito ay nilalayon para sa mga pansariling namamahala ng live na lugar, pagganap at pagtatanghal-sining na samahan, samahan ng pagtuturo ng sining, museo, at kalinangang pamanang samahan na mayroong:

- Nakaranas ng pagkaantala ng negosyo o masamang kondisyon dulot ng COVID-19;
- Nakapag-umpisa na ng operasyon noong ika-12 ng Marso taong 2020, at nakapagpanatili ng operasyon

**Kailan ang takdang-panahon para sa mga nais sumali?**

Ang mga aplikasyon ay mag-uumpisa sa ika-5 ng Abril taong 2023 at magwawakas sa ika-10 ng Mayo, taong 2023 ng 11:59 ng gabi CT. Bago pa man ang pag-umpisa ng takdang panahon para sa aplikasyon, hinihikayat namin ang mga inaasahang mapagkalooban na balikan ang mga makukuhang kaalaman at humingi ng tulong mula sa tagapagpangasiwa ng komunidad o sa help desk ng NCRC CDF sa ncrccdfgrants@submittable.com.

**Saan manggagaling ang pondo?**

Ang programa ay pinondohan sa pamamagitan ng American Rescue Plan Act (ARPA) na inilaan sa State CURE Fund at hinusto ng Public Act 102-0699 para sa Illinois Programang Kaloob para sa Empleo at Pagpapanatag ng mga Restawran.

**Sa anong mga wika mayroon ang aplikasyon?**

Kagamitan para sa programa, aplikasyon, at teknikal na tulong ay magagamit sa mga sumusunod na wika: Ingles, Espanyol, Polako, Intsik, Koreano, Arabo, Hindi, Tagalog, at Biyetnames.

**Sino ang NCRC CDF?**

Upang masuri ang mataas na bilang ng aplikasyon, naglista ang Estado ng Illinois ng tulong ng NCRD Community Develepment Fund (CVRC PDF) bilang tagapangasiwa ng programa, na punong-abala para sa lagusan ng aplikasyon, nagbibigay ng teknikal na suporta, at tumutulong mag-suri ng mga aplikasyon

Ang NCRC CDF ay isang hindi kumikitang pinansyal na institusyon para sa pag-unlad ng pamayanan at batay-sa-misyon na nagpapahiram na nakikipagtulungan para pagdugtungin ang hati sa yamang ayon sa lahi ng mga komunidad na kulang sa tulong sa Amerika. Ang NCRC CDF ay namumuhunan sa pagpapaunlad ng mga abot-kayang pabahay at nagbibigay daan para sa kapital at pansuportang serbisyo sa negosyo sa mga Negro, Latino at mga negosyante na may kinikitang mababa hanggang katamtaman sa buong bansa.

**Ito ba ay isang first-come-first-served na programang kaloob?**

Hindi. Lahat ng aplikante na pasok sa kinakailangan para maging karapat-dapat at nakasali sa loob ng nakatakdang panahon para sumali ay makokonsidera para sa kaloob.

# Pagiging Karapat-dapat sa Programa:

**Anong mga negosyo ang karapat-dapat?**

Mga karapat-dapat na negosyo o mga hindi kumikita ay mga pansariling namamahala ng live na lugar, pagganap at pagtatanghal-sining na samahan o mga negosyo, samahan na nagtuturo ng sining o mga negosyo, museo, at pamanang kulturang samahan. Ang buong listahan ng mga karapat-dapat at mga hindi karapat-dapat ay matatagpuan sa illinois.gov/B2B.

**Mayroon bang mga hangganan o parametro para sa sukat ng negosyo?**

Hindi. Ang programa ay bukas sa mga establisyemento ng kahit anong sukat.

**Nagsimula ang aking negosyo noong taong 2021. Kwalipikado ba ang negosyo ko para sa kaloob na ito?**

Hindi.  Upang maging karapat-dapat sa kaloob mula sa programang ito, ang negosyo ay dapat nagsimula na ng operasyon nang ika-12 ng Marso, taong 2020.

**Pansamantalang nagsara ang negosyo ko noong mga taong 2020 at 2021, ngunit bukas na ngayon at una nang nagbukas bago pa ang Marso taong 2020. Karapat-dapat pa rin ba ako sa kaloob na ito?**

Oo. Hanggang ang negosyo ay kasalukuyang tumatakbo at tumatakbo na nang ika-12 ng Marso, taong 2020, ang pansamantalang pagsara ay di nakaaapekto sa pagiging karapat-dapat ng negosyo. Subalit, ang permanenteng pagsara ng mga negosyo ay di karapat-dapat.

**Marami akong pag-aaring mga negosyo; Maaari ko bang isali ang bawat isa sa mga ito?**

Oo. Ang mga aplikante/may-ari ay maaaring sumali sa maraming mga negosyo hangga’t umaabot sila sa pamantayan ng pagiging karapat-dapat.

**Pinamamahalaan ng aking negosyo ang maraming karapat-dapat na mga establisyemento.  Kailangan ko bang mag-aplay sa bawat isang establisyemento?**

Hindi.  Kailangan lamang ng bawat negosyo na mag-aplay ng isang beses para sa negosyo bilang kabuuan, maging ito ay may maraming mga establisyemento.

**Kuwalipikado ba ang mga samahang panrelihiyon?**

Hindi. Mga negosyo o organisasyonng pangunahing gawain ay pagtuturo, paggabay, pagpapayo, o pagdodoktrina tungkol sa relihiyon o mga paniniwala, kung ito man ay tungkol sa relihiyon o sekular na bagay, ay hindi karapat-dapat sa programang ito.

**Kuwalipikado ba ang mga negosyong pinapatakbo ng Numero ng Indibidwal na Pagkakakilanlan ng Tagapagbayad ng Buwis?**

Oo. Ang mga may-ari ng mga maliliit na negosyo ay maaaring sumali gamit ang kanilang sariling Numerong Pansariling Pangbuwis (ITIN). Sa gayon, ang mga may-ari ng maliliit na

negosyo na may ID para sa buwis na may siyam na dihito na nagsisimula sa “9” ay karapat-dapat para sa programang kaloob na ito.

**Kuwalipikado pa rin ba ako sa kaloob na ito kung nakatanggap ako ng PPP at/o pautang sa EIDL, o tulong mula sa estadong Balik-Negosyo o Naantalang Negosyong Kaloob?**

Ang mga negosyong nakatanggap na ng mga naunang tulong ay karapat-dapat na mag-aplay.

**Ang aking negosyo ay karapat-dapat sa higit pa sa isa sa mga sumusunod na programa: B2B Sining, B2B Bahay-Tuluyan, at B2B Restawran. Maaari ko bang salihan ang bawat isa?**

Hindi. Ang mga aplikante ay maaari lamang sumali sa isang programa at karapat-dapat lang makatanggap ng kaloob mula sa isa sa mga programang ito.

**Ang aking samahan ay hindi kumikita at nagsusumite ng 990-N e-Postcard sa halip na 990-balik-buwis, maaari pa rin ba akong sumali?**

Oo, ang mga samahan na nagpapasa ng 990-N ay karapat-dapat na sumali. Ang samahan ay dapat na magpatotoo sa kanilang mga kalugian at magiging karapat-dapat lamang sa pinakamababang halaga ng kaloob na $5,000.00.

**Ako ay tinging nagbebenta ng mga tanging bagay na kaugnay sa isang tukoy na kultura. Karapat-dapat ba ako sa kaloob na ito kung ako ay isang kulturang pamanang organisasyon?**

Malamang na hindi. Kung ang inyong negosyo ay nagbebenta ng isang natatanging uri ng produkto ng tingi, ito ay hindi nagiging isang “organisasyong may kamalayang etniko o kultura.” Ang pagiging karapat-dapat sa kategoryang ito ay nangangailangan ng sinadyang pagpoprograma na nakatukoy na may kaugnayan sa pagpapataas ng kamalayan at pagbibigay ng impormasyon tungkol sa kultura o pagiging etniko.

**Ako ay nagmamay-ari ng isang tattoo istudyo. Ako ba ay karapat-dapat na mag-aplay?**

Oo. Ang sining ng pagtatattoo ay isang uri ng biswal na sining, at samakatuwid ay karapat-dapat sa kaloob na programa.

**Ako ay nagdidisenyo at/ o gumagawa ng mga damit. Ako ba ay karapat-dapat na mag-aplay?**

Hindi. Ang pagdidisenyo ng damit ay hindi karapat-dapat na kategorya.

**Ako ay tagatuos/ abogado/ kasangguni kung saan ang aking kliyente ay ekslusibo o pangunahing binubuo ng mga alagad ng sining o ibang karapat-dapat na mga negosyo. Ako ba ay karapat-dapat na mag-aplay?**

Hindi. Ang mga propesyunal na tagapagbigay ng serbisyo ay hindi karapat-dapat, kahit na ang kanilang pangunahin o eksklusibong ibinibigay na mga serbisyo ay para sa mga alagad ng sining o iba pang karapat-dapat na mga negosyo.

**Ang aking negosyoay bilang isang taga-ayos ng meykap/ taga-ayos ng buhok/ taga-disenyo ng kasuutan na pangunahing ginagawa para sa mga pagtatanghal o pagpapalabas ng mga sining sa publiko, halimbawa na ang para sa produksyong pang-teatro.  Ako ba ay karapat-dapat na mag-aplay?**
Oo.  Ito ay karapat-dapat na mga halimbawa ng mga disiplina ng sining sa pagtatanghal pagpapalabas ng mga sining.

**Ako ay isang walang-kitang organisasyon na ang misyon ay para suportahan ang pagtatanghal o pagpapalabas ng mga sining.  Ako ba ay karapat-dapat na mag-aplay?**
Oo.  Kung ang pagtatanghal o pagpapalabas ng sining sa publiko ay ang pangunahing misyon o mahalaga sa pangunahing misyon ng isang walang-kita, ang walang-kitang iyon ay karapat-dapat na mag-aplay.  Kasama na ang mga organisasyong tanging nakatukoy na sumusuporta o nagpapalaganap ng mga sining.

**Ako ay isang walang-kita na nakabase sa labas ng estado.  Ako ay hindi-rehistrado bilang walang-kita sa Illinois, ngunit ako nagbibigay ng ilang edukasyong pangsining o ibang karapat-dapat na pagproprograma sa estado.  Ako ba ay karapat-dapat na mag-aplay?**
Hindi.  Ang mga walang-kita na hindi rehistrado sa Illinois ay hindi karapat-dapat.

## Kaalaman sa Paggawad ng Kaloob:

**Paano mapagpapasiyahan ang halaga ng kaloob na paggawad?**

- Ang mga aplikante ay maaaring makatanggap ng mula $5,000 hanggang $250,000, at ang halaga ng pondo ay base sa pagbaba ng kita na naranasan mula sa taon ng 2019 at 2020 or 2019 at 2021, kung alin ang mas malaki.
    - Para sa mga Kumikita: Pagbaba ng kabuuang mga resibo
    - Walang-Kita: Pagbaba ng kita (kita mula sa programang serbisyo), inambag na kita (mga kontribusyon at kaloob), o kabuuuang kita, alinman sa tatlo ang may malaking pagbaba
    - Ang halaga ng pondo para sa mga negosyo o samahan na nakatanggap ng ng BIG or B2B kaloob ay ibabatay sa pagbaba ng kita o kabuuang resibo mula taong 2019 hanggang 2021 (salungat sa taong na may mas malaking pagbaba)
- Ang mga aplikante na nag-umpisa ng mga negosyo noong unang bahagi ng taong 2020, at walang maikukumpara sa taong 2019 ay karapat-dapat na makatanggap ng $5,000.

**Saan maaaring gamitin ang pera?**.

Ang mga pondong ito ay maaaring magamit sa pagpapalakas o puhunang gastusing para sa negosyo o sa samahang makatatanggap ng pondo na ito.

**Kailangan bang pagbayaran ang paggawad?**

Hindi. Ang paggawad ay kaloob ng estado at hindi kailangang bayaran hangga’t ito ay ginamit lamang sa mga karapat-dapat na gastusin sa loob ng isang taon mula ng pagtanggap.

**Paano susuriin ang mga aplikasyon at lahat ba ng karapat-dapat na aplikasyon ay makatatanggap ng pondo?**

Ang DCEO ay naglaan ng $50 milyon sa pamamagitan ng programang B2B Sining. Lahat ng karapat-dapat na mga negosyo na pasok sa pamantayan at nagpasa ng lahat ng kasulatan para sa programa ay makatatanggap ng pondo.

**Ang kaloob ba na ito ay nabubuwisang kita?**

Oo. Ito ay maituturing na kitang nabubuwisan. Lahat ng nagawaran ay makatatanggap ng 1099 sa katapusan ng buwisang taon.  Gayunman, ang mga kuwalipikadong kaloob ay hindi mapapasailalim sa buwis para sa estadong tungkulin at trabaho (B&O), buwis para sa pampublikong kagamitan, at buwis mula sa tinging benta.

**Anong uri ng pag-ulat ang kinakailangan bilang isa sa mga tatanggap ng pondo na ito?**

Walang magiging kailangan na pag-uulat. Gayunman, ang bawat aplikante ay kinakailangan magpatotoo at patunayan sa mga kaalamang binigay nila sa kanilang aplikasyon at kumpletuhin ang paglipat ng halaga sa bangko kung saan matatanggap ang kaloob kapag iginawad.

## Kinakailangang Kasulatan para sa Aplikasyon:

**Anong kaalaman/ mga kasulatan ang kailangan sa pagsali?**

1. **ID mula sa gobyerno**| Lisensya sa Pagmamaneho, Pasaporte, o CityKey para sa mga nagmamay-ari ng negosyo at/o mga otorisadong kumakatawan
2. **FEIN** | Para sa mga kompanyang entidad (Tinatanggap ang ITINs)
3. **Buwis sa Negosyo** | Para sa taong 2019 (kung bukas pa), sa taong 2020 at 2021. Maaaring makabilang:
    a. Pormang IRS 1040 (nag-iisang negosyante) at ang mga sumusunod: Iskedyul C, Kita at Lugi Mula sa Negosyo
    b. Pormang IRS 1065 Balik-Pakikipagsosyo (hindi kailangan ng K-1)
    c. Pormang IRS 1120 Balik-Korporasyon (hindi kailangan ng iskedyul)
    d. Pormang IRS 1120S S Balik-Korporasyon (di kailangan ng K-1)
    e. Pormang IRS 990, 990EZ, o 990N para sa mga di kumikita

4. **Pinansyal na Kasulatan**
    a. Para sa mga piskal na itinataguyod na Hindi Kumikita o mga lugar, museo, samahang kalinangan na kabilang sa mas malaki pang samahan tulad ng isang unibersidad, hindi karapat-dapat sa programang ito at sa kanyang kabuuan, pinansyal na kasulatan na natuos o naaprubahan ng miyembro ng lupon o nakatataas na liderato ng ng nakatataas ng samahan na nagpapakita ng mga gawain ng lugar, museo, o samahan para sa kultura.

5. **Halimbawa ng Gawa o Karapat-dapat na Dokumento para sa Programming |** Isang pinakabago, may kaugnayang halimbawa ng gawa na nagpapakita ng inyong malikhaing gawa o isang dokumento o webpage na makapagbibigay impormasyon tungkol sa inyong organisasyon o karapat-dapat na programming ng inyong negosyo.
    a. Para sa independiyenteng nangangasiwa ng lugar,  ang mga materyales para sa pagkalakal ng mga pagtatanghal sa isang lugar o trabaho na itinanghal o pinalabas sa lugar.
    b. Para sa mga edukasyong pangsining, mga kalakal na materyales, mga banghay-aralin o mga kurso na iniaalok ng organisasyon.
    c. Para sa nagtatanghal o nagpapakita ng mga sining, pagrekord sa bidyo o mga tunog, mga imahe, o mga halimbawa ng literatura, o mga materyales sa kalakal para sa pagtatanghal o palabas.
    d. Para sa mga museo, mga kalakal na materyales para sa mga programa o eksibisyon na iniaalok ng museo, o ipinalabas na trabaho sa kasalukuyan o nakaraang mga eksibisyon na pinamamahalaan ng museo o ginawa.
    e. Para sa mga organisasyon ng pamanang kultura, mga kalakal na materyales para sa mga programa o eksibisyon, mga pagdiriwang na inalok ng organisasyon, mga trabaho mula sa kasalukuyan o nakaraang mga eksibisyon na pinamahalaan ng organisasyon o ginawa, o trabaho mula sa mga pagdiriwang na ginawa ng organisasyon.

**Maaari bang paso ang id kong pang-gobyerno?**
Hindi. Dapat ay balido at nasa kasalukuyang katayuan.

**Ang aking negosyo ay pansamantalang nagsara sa halos kabuuhan ng taong 2020 at/o 2021, kaya walang paggalaw ang aking balik-buwis. Kailangan ko pa rin bang magbigay ng balik-buwis para sa tatlong taon na na iyon?**

Oo. Kinakailangan namin ng balik-buwis para sa mga taong 2019, 2020, at 2021. Ang pagbigay ng lahat ng tatlong taon na balik-buwis ay magsasagad ng kaloob na halaga na karapat-dapat sa inyong negosyo.

## Mga Katanungan sa Lohistika at Lagusan:

**Kanino makikipag-unayan para sa tulong?**

Maaaring makipag-ugnayan sa teknikal suportang help desk dito ncrccdfgrants@submittable.com.

**Anong mga oras bukas ang teknikal na suporta?**

Ang teknikal na suporta ay bukas pitong araw sa isang linggo mula 8am hanggang 8pm CT.

**Maaari ko bang makita ang aplikasyon sa ibang wika bukod sa Ingles?**

Ang mga nada-download na PDF ng aplikasyon ay makikita sa: Arabo, Intsik, Hindi, Polako, Koreano, Espanyol, Tagalog, at Biyetnames. Ang mga ito ay magsisilbi bilang gabay sa wika at paningin para sa pagsagot sa portal ng aplikasyon, na nasa Ingles. May magagamit ding suporta para sa ibang mga wika.

**Maaari bang ipasa ang aplikasyong sa kahit anong wika?**

Tatanggap kami ng aplikasyon na isinumite sa wikang Arabo, Intsik, Hindi, Polako, Koreano, Espanyol, Tagalog, o Biyetnames.

**Sino ang Submittable?**

Ang Submittable ay isang kumpanya na nag-aalok ng serbisyo para sa aplikasyon ng mga programang kaloob. Nakipagtulungan ang NCRC CDF sa Submittable para mangasiwa ng aplikasyon at pagbabahagi ng paggawad.

Kung ikaw ay kasalukuyang walang account sa Submittable, ikaw ay uudyokang magrehistro bago mabuksan ang pormas. Inirerekomenda ng Submittable ang paggamit ng Google Chrome, Mozilla Firefox, o Apple Safari bilang mga browser.

**Bakit kinakailangan ang pinansyal na kasulatan para sa programang B2B Sining?**

Kinakailangan ng NCRC CDF ang dokumentasyon na ito para masiguro ang kita sa negosyo ng aplikante at matukoy ang nararapat na halaga ng paggawad.

**Tanggap ba ang mga elektronikong lagda sa mga pinansyal na kasulatan?**

Hindi.

**Maaari ba akong mag-upload ng maraming files para sa bawat isang kasulatang pag-upload?**

Oo. Ang mga aplikante ay Maaaring magkabit ng hanggang 15 files para sa bawat isang balik-buwis, at hanggang 2 files para sa balidong ID na may larawan na bigay ng gobyerno, kung naaangkop. Lahat ng kasulatan ay dapat na ibigay sa elektronikong pormat para sa pag-upload online, tulad ng PDF/JPEG/DOC o iba pang maaaring pormat. Inirerekomenda naming maunang ihanda ang mga files para sa pagpapadali ng upload sa aplikasyon.

**Maaari ko bang kuhanan ng litrato ang mga kinakailangang kasulatan gamit ang aking telepono at ipasa ang mga larawan?**

Oo, bagaman ang direktang file upload ay mas mainam.

**Bakit ko kailangan patunayan ang aking pagkakakilanlan?**

Kami ay gumagamit ng kasangkapan sa pag-iwas sa pandaraya mula sa Submittable para makasiguro na ang kaloob na pondo ay mapunta sa mga lehitimong negosyo tulad ng iyo. Ang mga kagamitan na ito ay malawak na ginagamit ng mga nagbibigay-serbisyo at mga pinansyal

na institusyon para mapatunayang ang pagkakakilanlan ng isang tao. Ang hakbang sa pagpapatunay ng pagkakilanlan ay kinukumpleto ng taong nagsasagot ng aplikasyon.

**Kailangan ba na ang may-ari ng negosyo ang magpatotoo ng mga kasulatan ng katunayan at lumagda sa aplikasyon o maaari bang gamitin ng tagapangasiwa/tagapagtuos ang kanilang pangalan?**

Kahit sinong kinatawan na otorisado na pumasok sa mga kasunduan na may legal na pagbubuklod para sa aplikante ay maaaring magpatotoo at lumagda sa aplikasyon.

**Maaari ba akong mag-anyaya ng ibang tao para makipagtulungan sa akin para sa aplikasyon?**

Oo. Para makapag-anyaya ng mga katuwang sa iyong aplikasyon, pindutin ang link na "Invite Collaborators" na matatagpuan sa kanang itaas ng aplikasyon kapag nakapag-log in ka na sa iyong Submittable at sa iyong kaloob na aplikasyon. Isang Dialog box ang lilitaw at hihingi ng mga email address ng iyong mga katuwang. Ilagay ang mga address na iyon at pinduting ang "Invite". Ang mga naanyayahang katuwang ay makatatanggap ng email na nagpapaalam sa kanila na sila ay inaanyayahang makipagtulungan sa isang planong aplikasyon gamit ang Submittable. Para sa mga detalye at gabay tungkol sa katangiang ito, Maaaring balikan ang kaalaman para sa nagsusumite at para sa pakikipagtuwang.

**Maaari ba akong sumali gamit ang aking telepono o tableta?**

Oo. Ang online na aplikasyon ay mobile-friendly at mayroon sa maraming browser. Inirerekomenda ng NCRC CDF na gumamit ng Google Chrome, Mozilla Firefox, o Apple Safari bilang mga browser, kahit gamit ang smartphone, tableta o kompyuter sa pagsali sa kaloob na ito.

**Maaari ko bang iwan nang sandali ang aplikasyon at balikan sa ibang oras para tapusin at isumite?**

Oo. Ang lagusan ng aplikasyon ay kusang ise-save ang iyong gawa. Mayroon ding buton na "save" sa ibaba ng pahina. Pakiusap na siguraduhin na tandaan ang inyong account login at password upang ito ay maaari niyo pang mabalikan sa ibang panahon. Gayunman, hindi mo na maaaring palitan o wastuhan ang mga mali sa aplikasyon matapos mo itong isumite. Hindi ka rin maaaring gumawa ng higit pa sa isang aplikasyon sa bawat negosyo gamit ang parehong account login. Ang lagusan para sa kaloob ay magsasara sa ika-10 ng Mayo, taong 2023 sa oras na 11:59 PM CT.

**Nawawala ba ang aplikasayon kapag walang paggalaw?**

Ang Submittable ay nawawala pagkatapos ng 24 oras na walang paggalaw.

**Paano kung mayroon akong teknikal na mga katanungan tungkol sa lagusan ng aplikasyon?**

Maaaring tingnan ang gabay sa teknikal na suporta tungkol sa plataporma ng aplikasyon dito.

**Maaari ba akong humiling ng pagwawasto sa aking aplikasyon?**

Kapag naisumite mo na ang iyong aplikasyon, hindi na ito maaaring baguhin. Bilang karagdagan, ang Submittable ay hindi pinahihintulutan na baguhin ang laman ng iyong aplikasyon. Gayunman, maaari mong “bawiin” ang iyong aplikasyon at magsumite ng panibagong aplikasyon. Ang pagbawi ng iyong aplikasyon ay magbibigay sa inyo ng kakayahan na magsimula sa umpisa at magsumite ng bagong aplikasyon. Ang pagbawi ng iyong aplikasyon ay hindi makakaapekto sa inyong pagiging karapat-dapat na makatanggap ng kaloob, at hindi rin gagamitin laban sa inyo.

Mangyaring tandaan, sakali mang piliin mong bawiin ang inyong aplikasyon, kailangan mong magsumite ng panibagong aplikasyon bago ang takdang-araw sa ika-10 ng Mayo, taong 2023 ika-11:59pm CT para maging karapat-dapat. Lahat ng mga aplikasyon ay kailangang maipasa bago ang takdang-araw hindi alintana kung nabawi o hindi ang aplikasyon. Sakaling piliin mong bawiin ang inyong aplikasyon matapos ang ika-10 ng Mayo, taong 2023 sa oras na 11:59 PM CT, inaalis mo ang inyong aplikasyon mula sa mapagpipilian para sa kaloob na paggawad.

**Paano ako maaabisuhan ng kalagayan ng aking paggawad?**

Kapag nasuri na ang lahat ng mga pagsusumite, ang mga gagawaran ay maaabisuhan sa pamamagitan ng email ng aming katuwang na Submittable, para sa mga susunod na hakbang para sa pagpapatuloy ng pagkakaloob. Ang email ay manggagaling sa notifications@email.submittable.com. Hinihikayat ka namin na idagdag ang email na ito sa iynong kontak o VIP list sa inyong inbox.

Ang mga matagumpay na aplikante ay hihingian na lumagda sa kasunduan para sa kaloob at magbigay ng kanilang impormasyon sa bangko. Sa sandaling ang kasunduan para sa kaloob ay nalagdaan na at napatunayan na ang impormasyon sa bangko, ang mga magagawaran ng kaloob ay maaaring asahan ang pagtanggap ng bayad sa pamamagitan ng direktang deposito sa loob ng ilang araw ng negosyo.

**Paano ipapamahagi ang pondo?**

Ang kasosyo ng NCERC DF na Submittable ay gagamit ng direktang paglipat ng pondo na tinatawag na ACH. Ang kaalaman mo ng tamang pangnegosyong account na pangbangko at pangrutang numero para sa sangay ng iyong bangko ay kritikal para sa matagumpay na pagkuha ng pondo.

## Mga Tanong sa Aplikasyon:

**Ano ang taunang kabuuang resibo?**

Ang kabuuang resibo ay naglalaman ng pangkalahatang halaga ng lahat ng mga resibo sa salapi o pagmamay-ari nang walang pag-aayos para sa gastusin at iba pang mababawas na

mga bagay. Para sa mga sumusunod na porma para sa buwis, ito ay matatagpuan sa mga nakaturong linya

- Pormang IRS 1040 – Iskedyul C, Linya 1
- Pormang IRS 1065 - Linya 1a
- Pormang IRS 1120 - Linya 1a
- Pormang IRS 1120S - Linya 1a
- Pormang IRS 990 - Linya G
- Pormang IRS 990EZ – Linya L

**Ang kumpanya ko ay hindi kumikita. Anong klase ng kita ang kailangan kong ibigay?**
Ang mga Hindi Kumikita ay magbigagay ng mga naipon at inambag na kita sa pagkalkula ng kalugian. Ang inambag na kita ay mga regalo binigay nang walang kahit anumang kapalit. Ang halaga ng paggawad ay pagpapasyahan base sa ibinaba ng kita, inambag na kita, at total na kita, alinaman sa tatlo ang mas malaki. Ang kaalaman na ito ay matatagpuan sa pormang IRS 990 sa nakaturong linya:

- Kabuuang Kita – Linya G
- Inambag na kita - Line 9
- Mga kinita – Linya 9

**Ako ay nag-iisang may-ari ng negosyo at wala akong EIN, ako ba ay karapat-dapat pa rin sa kaloob na ito?**
Oo. Kinakailangan mong magbigay ng numero ng panlipunang seguridad o pansariling pagkakakilanlan ng buwis sa aplikasyon kapalit ng EIN.

**Ang aking negosyo ay tinataguyod ng piskal sa pamamagitan ng hindi kumikitang 501c3. Karapat-dapat ba akong mag-aplay?**
Ang mga samahan ay di maaaring sumali sa pamamagitan ng piskal na tagapagtaguyod, gayunman, kung ang inyong samahan ay kasalukuyang may aktibong EIN, at makapagbibigay ng kinakailangang pinansyal na kasulatan, at pag umabot kayo sa pamantayan para maging karapat-dapat, kayo ay hinihikayat na mag-aplay nang pansarili ninyong piskal na tagapagpatuyod.

**Ang aking 501c3 ay piskal na nagtataguyod ng ibang programa. Maaari ba akong maging piskal na tagapagtaguyod sa kanilang ngalan?**
Ang mga negosyo at hindi-kumikita ay dapat na magsumite lamang ng isang aplikasyon. Kung ikaw ay isang piskal na tagapagpatuyod at karapat-dapat sa programang ito, maaaring kang magsumite lang ng isang aplikasyon at hindi makapagsumite ng mga aplikasyon sa ngalan ng maraming mga negosyo/ walang-kita.

**Kailangan ko bang magbigay ng kodigo ng NAICS sa pagpili ng bahagi/industriya na kung saan nabibilang ang aking negosyo?**
Oo. Ikaw ay papipiliin ng kung aling bahagi ng industriya at kategoryang kodigo na NAICS. Kung hindi mo alam ang iyong kodigong NAICS, Maaari mong hanapin ang iyong kodigo rito: https://www.naics.com/search/.

**Kung hinihiling sumali ng mga organisasyong binubuo ng mga boluntaryo, sino ang may kapangyarihang lumagda para sa aplikasyon (Pangulo ng samahan, Taga-ingat yaman, atbp.)?**
Ang nakalagda ay dapat na isang opisyal o ibang kinatawan na awtorisadong pumasok sa isang kasunduan na legal para sa aplikante.

**Ang pangunahing layon o silbi ng aking organisasyon o negosyo ay hindi sining at kultura, ngunit gumagawa kami ng ilang programa para sa sining at kultura. Kami ba ay karapat-dapat?**
Para sa detalyadong kahulugan ng mga karapat-dapat na mga industriya, mangyaring tingnan ang Gabay sa Pagiging Karapat-dapat o Apendise B ng FAQ na ito. Para sa mga negosyo o organisasyon sa pagganap at pagtatanghal sa sining o edukasyon sa sining, ang sining ay dapat na *pangunahing layunin o mahalagang parte ng pangunahing layunin* ng organisasyon o negosyo.

**Bakit ko kailangan magpasa ng kasulatan sa pagbubuwis?**
Kami ay humihingi ng kopya ng iyong mga pinansyal na kasulatan para patunayan ang iyong negosyo o hindi kumikitang pagkakakilanlan at kita.

**Paano kung hindi ko pa natatapos ang aking pederal na balik-buwis para sa taong 2021?**
Kung iyong mamarapatin, maaari kang magbigay ng iyong balik-buwis para lamang sa taong 2020, at doon ibabase ang pagiging karapat-dapat mo at laki ng igagawad sa iyo. Ang opsyon na ito ay hindi pwede sa mga aplikanteng nakatanggap na ng BIG o B2B na kaloob, bilang ang kanilang gawad ay tanging binase lamang sa pagbaba ng kanilang kita sa pagitan ng taong 2019 at 2021 balik-buwis.

**Ang taon ng pagbubuwis ng aking organisasyon ay hindi tumutugma sa taon ng kalendaryo. Anong mga halaga ang maaari kong ilagay para sa mga kabuuang resibo/ kita, at kung aling balik-buwis ang dapat kong i-upload?**
Kung ang inyong taon ng pagbubuwis ay hindi tumutugma sa taon ng kalendaryo, i-upload ang mga pormas ng buwis para sa taon ng buwis na nagtatapos sa taong hiniling. Halimbawa, para sa 2019 pormas na i-upload, isumite ang inyong balik-buwis para sa 2018-2019 na taon ng buwis; para sa 2020na upload, isumite ang inyong balik-buwis para sa 2019-2020 na taon ng buwis; at iba pa. Kahalintulad ng, paglagay ng halaga mula sa mga balik-buwis na iyon sa kaugnay na kabuuang halaga ng mga resibo/ kit amula sa inyong balik-buwis para sa 2018-2019 na taon ng buwis, at iba pa.

**Kailangan ko bang magbigay ng numero ng panlipunang seguridad para makasali?**

Ang NCRC CDF ay hindi humihingi ng numerong panlipunang seguridad para makasali sa kaloob na ito, maliban na lang kung ang negosyo ay pansariling negosyo. Gayunman, kinakailangan namin na ikaw ay magsumite ng pinansyal na kasulatan kasabay ng iyong aplikasyon para mapatunayan ang iyong mga kita. Ikaw ay hinihikayat na itiman ang iyong

numerong panlipunang seguridad kung ito man ay nakalagay sa kahit aling pinansyal na kasulatan bago mo ito i-upload.

# Apendise

## Apendise A: Hindi karapat-dapat na Mga Negosyo

Ang mga sumusunod na negosyo ay di karapat-dapat sa programang ito:

1) mga sariling kontratista o mga malayang trabahador na hindi nagpapalakad ng pansariling negosyo;
2) mga negosyong pangunahing nagbibigay ng kalinga sa mga bata na nakatanggap at/o nakarehistro na sa Kaloob Para sa Panunumbalik ng Kalinga sa Bata;
3) pribadong kapisanan o negosyo na naglilimita ng pag-aanib sa mga miyembro bukod sa kakayahan;
4) negosyo na nagmula sa hindi bababa sa 33% ng kabuuang taunang kita ay galing sa legal na sugalan;
5) negosyo na kabilang sa piramideng pagbebenta, kung saan ang mga pangunahing insentibo ng mga kasali ay mula sa pagbenta o sa patuloy na pagdami ng mga kasali;
6) negosyo na sangkot sa mga gawaing ipinagbabawal ng pederal na batas o kahit anong naaayong batas sa nasasakupan kung nasaan ang negosyo nakalagay o kung san pinapalakad. (Kabilang sa mga gawain na ito ang paggawa, pagseserbisyo, o pamamahagi ng mga legal na produkto na gagagamitin para sa mga iligal na gawain, tulad ng pagbebenta ng drug paraphernalia o pagpapatakbo ng motel na may prostitusyong nagaganap)
7) negosyo na pangunahing gawain ay pagtuturo, paggabay, pagpapayo, o pagdodoktrina tungkol sa relihiyon o mga paniniwala, kung ito man ay tungkol sa relihiyon o sekular na bagay;
8) negosyong pagmamay-ari ng gobyerno (maliban sa mga negosyong pagmamay-ari o pinapalakad ng isang tribo ng Katutubong Amerikano);
9) negosyo na ang pangunahing gawain ay pulitika o pag-impluwensiya;
10) bahay-aliwan;
11) sanglaan;
12) tindahan ng alak;
13) establisimiyentong tulad ng mga nabanggit sa itaas; o
14) negosyo na kung saan karamihan ng mga may-ari ay may pinansyal o pampamilyang pagkakaugnay sa isang direktor, pangunahing kasosyo o miyembro ng liderato ng Kagawaran o katuwang ng Kagawaran sa ilalim ng programang ito.

## Apendise B: Detalyadong Kahulugan ng Karapat-dapat na Industriya

1) **Independiyenteng Tagapamahala ng mga Live na Lugar**

a. Hindi isang publikong kumpanya na nakalista sa pamilihang sapi;
b. Ang lugar ay hinahayaan ang mga nagtatanghal na makatanggap ng bayad o porsyento sa benta (alak o sa bayad sa pinto), garantiya (isinulat o karaniwang kontrata), o iba pang kasunduan na makikinabang ang isa't-isa;
c. Ang lugar ay mayroong hindi bababa sa 4 na mga katangian:
    i. Nakalaang espasyo para sa magtatanghal at madla
    ii. Kagamitan sa paghahalo at/o isang pampublikong sistema ng panawagan
    iii. Panglikurang Linya na Pansuporta
    iv. Gumagamit ng isa o higit pang tao para sa mga sumusunod na tungkulin:
        1. Inhinyero ng mga Tunog
        2. Tagapagtakda
        3. Tagapagtaguyod
        4. Tagapamahala ng entablado
        5. Tauhang pangseguridad
        6. Tagapamahala ng takilya
    v. Mayroong bayad para makapunta at makapanood ng mga pagtatanghal sa pamamagitan ng ticket o bayad sa pagpasok
    vi. Ang mga pagtatanghal ay nakamarka sa mga nakalimbag o elektronikong pahayagan, mga website, makikitang kalendaryo ng mga kaganapan o sa social media

**2) Pagganap o Sining ng Pagtatanghal**

a. Pangunahing hangarin o mahalaga sa pangunahing hangarin ay ang pagganap o pagtatanghal ng sining sa publiko, kabilang ang mga masining na disiplina ng alin man sa mga sumusunod:
    i. Sayaw
    ii. Pelikula
    iii. Panitikan
    iv. Sining ng Media
    v. Musika
    vi. Teatro
    vii. Sinehan
    viii. Sining biswal

**3) Edukasyon ng Sining**

a. Pangunahing hangarin o mahalaga sa pangunahing hangarin ang pagtustos sa pag-aaral ng sining o nakalaang bahagi ng negosyo nito na nakatutok sa pagbibigay ng edukasyon sa sining;

**4) Museo**

a. Serbisyo sa publiko

b. Nakatuon sa pagkuha, pag-alaga, pag-aaral, at pagpapakita ng mga gamit, arkibal na materyales, panandaliang mga bagay, mga buhay na muwestra, o nagtatagal na interes o halaga

**5) Organisasyon ng Pamanang Kultura**

6) Negosyo o organisasyon na tumutugma sa kahit na sa isa sa sumusunod:
7) Pamayanang sentro ng kultura at sining
8) Organisasyong may kamalayang etniko at kultura
9) Pagdiriwang sa pagpapalaganap at pag-iingat ng etniko, pangkultura, lahi, pangrehiyon, linggwistika, o relihiyosong mga tradition